

## Tagalog

Kung ikaw ay limitadong-nagsasalita ng Ingles AT bingi o nahihirapang makarinig, siguraduhin na sabihin ito sa Tagapag-ugnay sa ADA ng korte upang masiguro nila na mabigyan ka ng tamang interpreter.

### **Paano humiling ng interpreter para sa petsa ng pagharap mo sa korte**

Kung ang iyong korte ay nagkakaloob ng mga interpreter, siguraduhin na humingi ka nito nang hindi kukulangin sa 1 linggo bago ang petsa ng iyong pagharap sa korte, kung hindi mas maaga. Ang website ng iyong korte ay malamang na may isang email address o porma para iyo na dapat kumpletuhin upang humingi ng interpreter.

Magagamit mo rin ang pormang *Request for Interpreter (Paghiling ng Interpreter)* (Porma [INT-300](#)) upang humingi ng interpreter sa isang kasong sibil. I-click ang wikang sinasalita mo upang makuha ang *Paghiling ng Interpreter* sa wikang iyon:

- [Tsino \(Pinasimple\)](#)
- [Tsino \(Tradisyunal\)](#)
- [Farsi](#)
- [Koreano](#)
- [Punjabi](#)
- [Ruso](#)
- [Kastila](#)
- [Tagalog](#)
- [Biyetnamis](#)

### **Tungkol sa etika at ibang mga tuntunin sa propesyon na dapat sundin ng mga interpreter ng korte.**

Ang mga interpreter ng korte ay kailangang sumunod sa maraming tuntunin sa pagkilos na kaugnay ng propesyon at etika. Ang listahan sa ibaba ay ilan sa pinakamahalaga, pero matatagpuan mo ang lahat ng ito sa [California Rule of Court 2.890](#) (Tuntunin ng Korte 2.890 ng California) at sa [Professional Standards and Ethics for California Court Interpreters](#) (Mga Pamantayan sa Propesyon at Etika para sa mga Interpreter ng Korte ng California).

Ang mga interpreter ng korte ay dapat na:

- Magsalin nang kumpleto at tumpak.
- Maging at manatiling walang kinikilingan at pinapanigan. Dapat ding siguraduhin nila na ang kanilang ginagawa ay hindi anyong may pinapanigan.
- Isiwalat ang anumang mga kasalungat na interes nila o maaaring anyong taglay nila.
- Panatilihin kompidensiyal ang mga komunikasyon sa pagitan mo at ng iyong abugado.

- Hindi magbigay ng payong pambatas.
- Magsabi kung may anumang bagay na ginagawang mahirap o imposible para sa kanila na gawin nang mahusay ang kanilang trabaho. Halimbawa, kung hindi nila marinig o hindi nila alam ang mga partikular na katawagan, o kung may anumang dahilan kung bakit hindi sila makapagsalin nang mahusay sa anumang partikular na panahon, dapat nilang sabihin ito.

### **Mga reklamo laban sa mga interpreter ng korte**

Kung ang korte ay nagbigay sa iyo ng isang interpreter ng korte at may nangyaring hindi tama – tulad ng, dumating ito nang huli o hindi dumating, o nakagawa ito nang mga seryosong pagkakamali habang nagsasalin para sa iyo, o anyong may pagpanig siya laban sa iyo o ibang tao, o kumilos siya sa isang paraan na masyadong hindi ayon sa propesyon – may karapatang kang magreklamo laban sa interpreter na iyon.

May 2 kang mapipili upang magreklamo laban sa isang interpreter:

1. Maaari kang magreklamo sa korte na nagbigay sa iyo ng interpreter. Itanong sa tagapag-ugnay ng paggamit ng wika o sa sentro ng tulong sa sarili kung paano dapat magreklamo.
2. Maaari kang magreklamo sa Konsehong Panghukuman tungkol sa interpreter na iyon. Tandaan na ang Konsehong Panghukuman ay ang ahensiyang nagliliseniya para sa mga interpreter ng korte kaya kung ang interpreter ay kumilos nang kontra sa mga iniaatas ng kanilang lisensiya, maaari silang mag-imbistiga.

I-click para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagsasampa ng reklamo sa Konsehong Panghukuman at upang makakuha ng porma ng reklamo online. <hindi pa nakahanda>.

Tandaan na ang mga reklamo sa Konsehong Panghukuman ay kailangang tungkol sa mga interpreter na sertipikado o rehistrado sa California at ibinigay sa iyo ng korte, o kinuha mo upang tumulong sa iyo.

Ang mga reklamo sa korte ay kailangang tungkol sa isang interpreter na ibinigay sa iyo ng korte.

Kung nagdala ka ng sarili mong interpreter, tulad ng isang kaibigan o miyembro ng pamilya na hindi lisensiyado sa California, hindi ka maaaring magsampa ng reklamo tungkol sa kanya sa korte o sa Konsehong Panghukuman. Iyon ay isa pang dahilan kung bakit magandang ideya na laging kumuha ng isang sertipikado o rehistradong interpreter. Sa paraang iyon, kung siya ay makagawa ng mga seryosong pagkakamali o kumilos nang hindi ayon sa propesyon, maaari kang magsampa ng reklamo at humingi ng imbestigasyon. Kung nagdala ka ng sarili mong di-lisensiyadong interpreter at sa palagay mo ay hindi ito nagsalin nang tama, makipag-usap sa isang abugado o sa sentro ng tulong sa sarili ng iyong korte upang malaman kung mayroon kang maaaring gawin.